# Tulong sa Wika para sa mga Botanteng taga California

Mga kailangan ninyong malaman upang makaboto sa Marso 2024 sa Filipino/Tagalog

**Mga Pahiwatig!**

- Kung kayo ay boboto ng personal, maaring magtanong sa mga kawani ng halalan na nakatalaga sa lugar ng botohan kung anu-ano ang mga materyales na mayroon sila sa inyong piniling wika. Maari din kayong magtanong kung may mga kawani na nagsasalita ng inyong wika o kung mayroon silang teleponong nakatalaga na may mga kawani na nagsasalita ng inyong wika.
- Kung kayo ay boboto sa pamamagitan ng koreo, mag-online sa https://voterstatus.sos.ca.gov upang ipaalam ang inyong piniling wika. Kung mayroon sa inyong lugar na mga materyales na naisalin sa inyong wika, ito ay ipapadala sa inyo ng walang bayad.

**Para sa eleksyon sa Marso 2024, ang mga nakarehistrong botante ay makakatanggap ng balota sa koreo. Maari ring makatanggap sa koreo ng mga materyales na nakasalin sa inyong wika – depende sa inyong wika at kung saan kayo nakatira.**

Maaring mayroong balotang naisalin sa inyong wika, halimbawa ng balotang naisalin sa inyong wika (minsan ay tinatawag na "sampol", "basehan", o "facsimile" na balota) at/o mga impormasyong gabay para sa mga botante ng county na naisalin sa ibang wika (Ang balotang "facsimile" ay isang halimbawa ng balotang naisalin sa ibang wika upang matulungan kayong mas maintindihan ang inyong balotang nasa wikang Ingles. *Hindi ninyo ito maaring magamit mismo para ilagay ang inyong boto*.) Anumang mayroong naisalin na materyales na ipadadala sa inyo ay libre.

Kung gusto ninyong makatanggap sa koreo ng mga materyales na naisalin sa inyong wika, kailangang makipag-ugnayan sa inyong county upang maiparating na gusto ninyong gumamit ng piniling wika maliban sa Ingles.

→ Upang malaman kung anu-anong materyales mayroon sa inyong wika at makahingi ng kopya, tumawag sa opisina ng halalan sa inyong county gamit ang mga teleponong nakalista sa ibaba.

→ Maari din kayong mag-online sa https://voterstatus.sos.ca.gov/ upang ipaalam ang inyong piniling wika. Gawin ito sa pinakamadaling panahon upang makatanggap agad ng mga naisaling materyales bago dumating ang araw ng halalan.

**Ang mga nakarehistrong botante ay maaring ipadala ang balota sa koreo, ihulog sa mga nakatakdang lagayan, o bumoto ng personal. May mga karagdagang impormasyon kung paano magpadala ng inyong balota sa: bit.ly/alc-kyvr2024].**

## Tulong sa Wika kapag Boboto ng Personal

**Maari kayong manghingi ng tulong sa tao mismo habang bumoboto:**

Kung may mga kawani ng halalan sa inyong lugar kung saan kayo boboto, **dapat ay may suot silang badge ID, ribon, o sticker** na nagsasabi kung anong wika ang alam nilang gamitin. Kung walang kawani ng halalan na makakatulong sa inyo, itanong kung mayroon silang nakatalagang telepono na mayroong mga kawani na nagsasalita ng iba't-ibang wika na maari ninyong tawagan.

Pinapayagan din kayong **magsama ng hanggang dalawang tao upang tumulong sa inyong pagboto.** Dapat lamang na hindi sila kumakatawan sa iyong pinagtatrabahuhan o union. Magsama ng miyembro ng pamilya o kaibigan!

**Maari ding mayroong balotang nakasalin sa inyong wika:**

Hanapin ang county ng inyong tirahan sa listahan sa ibaba upang malaman kung mayroon sa inyong piniling

wika at kung ano pang tulong sa wika ang maaring ibigay.

Sa mga county na nakalista sa ibaba, lahat ng mga bagay mayroon sa Ingles ay dapat mayroon ding nakasalin sa inyong wika na maipapadala sa koreo at nasa lugar ng botohan. Kabilang dito ang balotang naisalin sa inyong wika kung saan kayo mismo maglalagay ng boto.

| |
|---|
| Alameda (510) 272-6973 |
| Los Angeles (800) 815-2666 |
| San Diego (858) 565-5800 or (800) 696-0136 |
| San Mateo (650) 312-5222 |
| Santa Clara (408) 299-8683 or (866) 430-8683 |

Sa mga county na nakalista sa ibaba, may mga halimbawang balota na maaring ipadala sa koreo at nasa lugar mismo ng botohan. Dapat na mayroong kopya para dalhin ninyo sa pwestong kahon ng botohan upang makatulong sa inyong pagboto sa balotang Ingles. Dapat din na may mga paskil na karatula na nagsasaad kung alin-aling wika ang mayroong mga nakasaling halimbawang balota at kung anu-anong wika ang gamit ng mga nandoong kawani ng halalan.

| | |
|---|---|
| Contra Costa (925) 335-7800 | San Bernardino (909) 387-8300 |
| Fresno (559) 600-8683 | San Francisco (415) 554-4375 |
| Kern (661) 868-3590 or (800) 452-8683 | San Joaquin (209) 468-8683 |
| Kings (559) 852-4401 | San Luis Obispo (805) 781-5228 |
| Mariposa (209) 966-2007 | Santa Barbara (805) 568-2200 or (800) 722-8683 |
| Monterey (831) 796-1499 | Solano (707) 784-6675 or (888) 933-8683 |
| Napa (707) 253-4321 | Sonoma (707) 565-6800 or (800) 750-8683 |
| Orange (714) 567-7600 | Sutter (530) 822-7122 |
| Placer (530) 886-5650 | Tulare (559) 624-7300 |
| Riverside (951) 486-7200 | Ventura (805) 654-2664 |
| Sacramento (916) 875-6451 | |

Ang Kalihim ng Estado ng California ay nagbibigay ng tulong sa pagboto sa wikang Tagalog. Gamitin ang walang bayad na telepono para sa mga botante Voter Hotline sa ibaba upang masagot ang mga tanong tungkol sa pagboto, eleksyon, o humingi ng mga materyales para sa mga botante na ipadadala sa koreo.

**(800) 339-2957 - Tagalog**